

Pagbebenta ng Cottage Food: Mga Madalas Itanong

Q: Ano ang Pagbebenta ng Cottage Food?

A: Ang Pagbebenta ng Cottage Food ay tinutukoy bilang sinumang tao na gumagawa o naghahanda ng mga item ng pagkain sa isang lugar na hindi sa loob ng establisyemento ng pagkain (tulad ng sa bahay) upang ibenta sa mga mamimili.

Q: Anong uri ng mga Cottage Food ang maaari kong gawin?

A: Mga tinapay, cake, pastry, kendi, cookies, pinaghalong tinapay, fruit pie, jams, jelly, preservative, pinatuyong prutas, popcorn, popcorn balls, cotton candy, dry herbs, seasonings, cereal, trail-mix, granolas, coated o hindi coated na mani, at suka at tinimplahang suka.

Q: Anong mga pagkain ang hindi maaaring ibenta bilang Cottage Food?

A: Mga de-latang pagkain at sauce, mga pickled item, tinapay/cake/pie na gawa sa de-latang sangkap ng pagkain, apple cider, pinatuyo o dehydrated na karne o manok (jerky), apple (prutas) butters, pumpkin butter, o iba pang prutas na may butter.

Bukod pa rito, hindi maaaring ibenta ang mga pagkaing mayroong cream cheese frosting, hilaw na itlog, custard, o meringue.

Q: Bakit hindi pinapayagan ang ilang mga produkto na ibenta bilang Cottage Food?

A: Ang ilang mga produkto ay hindi pinapayagan na ibenta bilang Cottage Food dahil sa likas na panganib na maaaring nauugnay sa mga hindi pinapayagan na pagkaing ito dahil hindi sila susuriin o pangangasiwaan ng mga opisyal ng Lokal/Estado/Pederal na pangkalusugan. Pinapayagan lamang ng panukalang batas na ipinasa ng Nevada Legislature ang ilang mga nakalistang pagkain na ibibigay.

Q: Kailangan ko ba ng Health Permit upang magbenta ng Cottage Foods?

A: Hindi, ang Pagbebenta ng Cottage Foods ay hindi nangangailangan ng Health Permit ngunit kailangan nilang magparehistro sa Northern Nevada Public Health (NNPH) Environmental Health Services (EHS). Upang magbenta sa iba pang County ng Nevada dapat kang nakarehistro sa Health Authority na may hurisdiksyon sa lugar na iyon.

- Carson City Health and Human Services
(775)-8872190
www.gethealthycarsoncity.org
- Southern Nevada Health District
(702) 759-0588
www.southernnevadahealthdistrict.org
- Lahat ng iba pang rural na lugar-Nevada Department of Health and Humans Services
(775) 687-7550
http://health.nv.gov/BFHS_EHS.htm

Q: Mayroon bang mga limitasyon sa paggawa para sa aking Negosyo ng Cottage Food?

A: Mayroong limitasyon na \$35,000.00 bawat taon sa halaga ng pera na maaaring makuha ng isang tagagawa ng Cottage Food. Ang limitasyon ay itinatag ng Nevada Legislature (SB 20677/2013).

Q: Maaari ba akong magbenta ng cottage food sa telepono o sa internet?

A: Hindi, hindi pinapayagan ang Cottage Food na ibenta sa telepono o internet.

Q: Maaari ko bang ibenta ang aking Cottage food sa mga wholesaler, restaurant, grocery store, atbp.?

A: Hindi, ang Cottage Foods ay dapat ibinebenta nang direkta mula sa tagagawa patungo sa mamimili. Ang Cottage Foods ay hindi sinuri o ginawa sa ilalim ng kinakailangang pamantayan sa industriya tulad ng itinatag ng USDA at/o FDA. Tinitiyak ng pagsunod sa mga pamantayan ng industriya ang ligtas na pagkain para sa regular na pagbebenta at paggamit sa industriya ng paghahain ng pagkain.

Q: Saan ko pwedeng ibenta ang aking Cottage Foods?

A: Maaaring ibenta ang Cottage Foods mula sa iyong bahay, mga stand sa tabi ng daan (sa iyong sariling pag-aari), flea market, swap meet, mga bazaar sa simbahan, garage sale, o craft fair.

Q: Kailangan ko bang lagyan ng label ang aking Cottage Foods?

A: Oo, ang Cottage Foods ay dapat mayroong mga label na isinasaad ang:

1. Karaniwang pagkakakilanlan ng produkto ng pagkain
2. Kabuuang dami ng produkto
3. Listahan ng mga sangkap na nakapaloob sa produkto. Ang mga sangkap ay dapat na ilista sa pababang ayos ayon sa kanilang porsyento ng kabuuang produkto ng pagkain.
4. Listahan ng lahat ng pangunahing mga allergen na nasa produkto ng pagkain. Ang siyam na pangunahing mga allergen na dapat nakalista kung matatagpuan sa produktong pagkain ay ang: fin fish, shell fish, itlog, gatas, trigo, toyo, mani mula sa puno, mani, at linga.
5. Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng manufacturer.

Bilang karagdagan sa lahat ng pangunahing kinakailangan sa paglalagay ng label, dapat isama sa label ng cottage food ang pahayag na: “Ginawa sa isang operasyon ng cottage food na hindi napapailalim sa regular na inspeksyon ng gobyerno.”

Q: Paano ako maghahain ng reklamo laban sa isang ibibenebentang Cottage Food?

A: Upang maghain ng reklamo laban sa Pagbebenta ng Cottage Food, makipag-ugnayan sa NNPH EHS sa 775-328-2434, option 8 o mag-email sa foodsafety@NNPH.org.

Q: Maaari ba akong mamigay ng mga sample?

A: Ang Pagbebenta Cottage Food ay maaaring mamigay ng mga sample na nakabalot na. Upang magbigay ng sample sa mga hindi nakabalot na pagkain, dapat mag-apply ang Nagbebenta ng Cottage Food ng isang Sampling Permit sa Northern Nevada Public Health. Para alamin ang higit pa tungkol sa mga Sampling Permit, makipag-ugnayan sa NNPH EHS sa 775-328-2434, option 8 o mag-email sa foodsafety@NNPH.org.

Q: Kailangan ko bang kumuha ng Lisensya sa Negosyo?

A: Upang matukoy kung kailangan mo ba ng lisensya sa negosyo para sa Pagbebenta ng Cottage Food, makipag-ugnayan sa ahensya na nagbibigay ng lisensya sa negosyo na malapit sa iyong lugar:

- Washoe County Business Licensing: 775-328-3733
- City of Reno Business Licensing: 775-334-2090
- City of Sparks Business Licensing: 775-353-2360

Q: Kailangan ko bang mangolekta ng Sales Tax?

A: Bisitahin ang web page ng [Nevada Department of Taxation](http://www.tax.nv.gov) o tumawag sa Nevada Department of Taxation sa 866-962-3707 para sa karagdagang mga detalye.

Q: Saan ako makakahanap ng isang kopya ng Batas para sa Cottage Food?

A: [Nevada State Legislature – Senate Bill 206](#)

[Nevada State Legislature – Nevada Revised Statutes \(NRS\) Chapter 446](#)

Q: Saan ko malalaman ang higit pa tungkol sa pagsisimula ng Pagbebenta ng Cottage Foods?

A: Para malaman ang higit pa tungkol sa Pagbebenta ng Cottage Foods:

- Makipag-ugnayan sa NNPH EHS sa pamamagitan ng pagtawag sa 775-328-2434, option 8.
- Mag-email sa NNPH EHS Food Safety Team sa foodsafety@NNPH.org.
- Basahin ang [Fact Sheet ng Pagbebenta ng Cottage Foods](#).
- Alamin ang tungkol sa iba pang permit sa kalusugan para sa mga establisyimento ng pagkain sa pamamagitan ng pagbisita sa [NNPH EHS Food Safety webpage](http://www.nnph.org).